



Employment Support (Suporta sa Pagtatrabaho)

Sino ang tinutulungan ng Employment Support?

Ang serbisyo sa Employment ay available para sa mga taong 16 na taong-gulang o higit pa, na nakarehistro sa isang GP Practice sa Kensington at Chelsea o Queen's Park at Paddington na mga lugar sa Westminster. Ang serbisyong ito ay para sa mga taong:

- may pirmihan, pangmatagalang pangangailangan sa kalusugang pangkaisipan
- kasalukuyan, o maaaring suportahan sa lugar na may panimulang pangangalaga
- mga tagapag-alaga ng mga taong tumutugon sa pamantayan ng naturang serbisyo.

Maaaring makatulong sa iyo ang serbisyo sa employment ng Community Living Well kung nais mong makahanap ng trabaho o nahihirapan ka sa kasalukuyan mong trabaho dahil sa problema sa kalusugang pangkaisipan.

Anong suporta ang inaalok ng Employment?

Ang employment team ng Community Living Well ay nag-aalok ng kabuuang suporta kabilang ang impormasyon, payo at patnubay upang matulungan kang ma-access ang mga oportunidad sa trabaho, pagsasanay at edukasyon o upang manatili sa iyong kasalukuyang trabaho.

Ang iyong dedikadong Employment Adviser (Tagapayo sa Pagtatrabaho) ay makakatulong sa iyo na:

- Humanap ng tamang uri ng trabaho para sa iyo
- Bumalik sa trabaho pagkatapos ng sick leave
- Manatili sa trabaho at/o harapin ang mga pagbabago sa lugar ng trabaho.
- Alamin ang iyong mga karapatan sa pagtatrabaho.

Sinusuportahan ka rin ng serbisyo sa employment ng Community Living Well na matutunan mo ang malawak na iba't ibang kasanayan upang matulungan kang makakuha ng trabaho.

Kabilang dito ang:

- Paano maghanap ng trabaho
- Paano sumulat ng CV at cover letter
- Paano punan ang isang job application form
- Paano maghanda para sa isang interbyu.

“
*Hindi Ako
Makakabalik sa
Trabaho kung
hindi dahil sa
tulong ninyo.*
”



Indibidwal na Suporta

Kung naghahanap ka ng trabahong suwelduhan, karanasan sa trabaho, pagboboluntaryo o pagsasanay, o kailangan mo ng suporta sa iyong kasalukuyang trabaho, tutulungan ka ng iyong Employment Adviser na makabuo ng isang plano upang tulungan kang matukoy ang iyong mga hangarin, ang mga hakbang na kailangan mong gawin upang makamit ang mga ito at anumang mga suporta na maaari mong kailanganin.

Paghahanap ng Trabaho

Maaari namin kayong matulungan na:

- Maghanap ng trabaho - kabilang ang pagkilala sa mga pinakamahusay na lugar para maghanap sa uri ng trabahong interesado ka
- I-update ang iyong CV / Gumawa ng bagong CV
- Kumpletuhin ang mga job application form
- Maghanda para sa mga interbyu sa trabaho
- Ipahayag ang iyong mga kahirapan sa kalusugang pangkaisipan sa potensyal na mga employer
- Unawain ang iyong mga karapatan sa lugar ng trabaho.

Karanasan sa trabaho, pagboboluntaryo, pagsasanay at edukasyon

Kung interesado ka sa pagboboluntaryo o pagkakaroon ng karanasan sa trabaho na di-sinusuwelduhan, ang iyong Employment Adviser ay maaaring makatulong sa iyo na makahanap ng trabaho. Ang pagkakaroon ng karanasan sa trabaho o pagboboluntaryo ay maaaring maging isang mahalagang bahagi ng iyong nakaplanong gagawin. Kung matutukoy mo ang anumang pagsasanay o karagdagang edukasyon na makakatulong sa iyong makamit ang mga layunin mo sa pagtatrabaho, tutulungan ka rin ng iyong tagapayo na ma-access ang mga ito.

Kasalukuyang nagtatrabaho at nangangailangan ng suporta sa trabaho / upang makabalik sa trabaho

Maaari kaming tumulong sa iyo sa pamamagitan ng:

- Pagkilala sa mga bagay na nagdudulot sa iyo ng stress sa trabaho at tingnan ang mga posibleng adjustment na puwedeng gawin
- Pag-alok ng payo sa mga kaugnay na mga batas (o i-refer ka sa legal na payo kung kinakailangan)
- Makipag-areglo sa iyong employer para sa dahan-dahang pagbalik sa trabaho o amyendahan ang mga tungkulin sa trabaho.

Ang suporta na ibinibigay namin ay batay sa iyong indibidwal na sitwasyon.

Suporta sa Employer

Maaari rin naming suportahan ang iyong employer sa iba't ibang paraan (na may pahintulot mo) o bigyan ka ng mga instrumento upang harapin ang mga isyu sa lugar ng trabaho.

Maaari kaming tumulong sa iyo sa pamamagitan ng:

- Pag-alok ng payo at suporta para sa pamamahala ng isang taong may kondisyon na kaugnay sa stress at / o kalusugang pangkaisipan
- Pagpapatupad ng makatwirang adjustment
- Pagbibigay ng pinakabagong impormasyon tungkol sa kaugnay na batas
- Pag-alok ng suporta sa lugar ng trabaho
- Pagtukoy sa bullying, harassment o diskriminasyon sa lugar ng trabaho
- Pagbigay ng pagsasanay tungkol sa kamalayan sa kalusugang pangkaisipan

Ano ang maaari mong asahan mula sa amin

- Suporta at payo tungkol sa pagtatrabaho, pagboboluntaryo, pagsasanay at edukasyon
- Isang indibidwal na plano na nagtatakda ng iyong mga layunin. Tutukuyin din nito anumang mga suportang kakailanganin mo
- Walang kinikilingang payo at patnubay - hindi kami nagpo-promote ng anumang tagapaglaan ng serbisyo o pagsasanay
- Umaabot sa 15 one-to-one (o indibidwal) na sesyon kasama ang iyong tagapayo sa pagtatrabaho
- Nakikipagtulungan kami sa sa iba pang mga serbisyo sa pagtatrabaho sa borough, at maaari ka naming i-refer sa isa sa kanila kung naniniwala kami na mas mahusay nilang matutugunan ang iyong mga pangangailangan.